CITTA' DI VENEZIA
Area Sviluppo Organizzativo Risorse Umane e Servizi Educativi
Direzione Risorse Umane Formazione e Servizi Educativi
Settore Servizi Ausiliari Educativi e Scolastici
Dott. Lulzim Ajazi
Progettazione Educativa
Dott.ssa Daniela Galvani

Viale S. Marco, 154
30173 Mestre
Tel. 041-2749523/9588
*inadempienza.scolastica@comune.venezia.it*
servizieducativi@pec.comune.venezia.it
CF 00339370272
*Responsabile dell'istruttoria: Mariangela Miatto*
*Responsabile del procedimento: Daniela Galvani*

# SAPILITANG EDUKASYON SA ITALYA

## Mula Nobyembre 15, 2023, nagbago ang batas tungkol sa sapilitang edukasyon mula 6 hanggang 16 na taong gulang

| **KAUTUSANG PAMBATAS blg.123 ng 15.09.2023,** | |
|---|---|
| **art. 12 Mga probisyon para sa pagpapalakas ng pagsunod sa sapilitang edukasyon**<br>Binabago nito ang **Art. 114 ng Kautusang Pambatas blg. 297 ng Abril 16, 1994 (Pangangasiwa sa katuparan ng sapilitang edukasyon)** ng pinagtibay na teksto ng mga probisyon ng batas na may kinalaman sa edukasyon. | |
| Upang matiyak ang katuparan ng sapilitang edukasyon, **tinutukoy ng mayor ang mga menor-de-edad na hindi sumusunod sa nabanggit na obligasyon, at binabalaan nang walang pagkaantala ang taong responsable sa pagtupad ng obligasyon, at iniimbitahan siyang sumunod sa batas.** | *Ang artikulong ito ng batas ay tumutukoy sa responsibilidad ng mga magulang sa pagtiyak na ginagamit ng mga batang may edad 6 hanggang 16 na naninirahan sa Italya ang probisyon ng sapilitang edukasyon.*<br><br>*1) Kailangang i-enrol ng mga magulang ang kanilang mga anak sa paaralan.*<br><br>*2 Kailangang ipasok ng mga magulang ang kanilang mga anak sa paaralan.*<br><br>*Obligasyon ng Mayor na tiyakin kung sumusunod ang mga magulang sa batas na ito.* |
| Obligado **ang paaralan** na ipaalam sa mga magulang na ang estudyante na **umaabot sa 15 araw na pagliban sa loob ng tatlong buwan nang walang makatuwirang dahilan ay kailangang bumalik sa paaralan.**<br><br>Kung pagkatapos ng komunikasyong ito ay hindi nagbibigay ang pamilya ng makatuwirang dahilan sa pagliban, o hindi pinapabalik ang bata sa paaralan, ang prinsipal ng paaralan ay may obligasyon na ipaalam ito sa mayor. | *Responsibilidad ng paaralan na piliin ang mga pamantayan ng **"makatuwirang dahilan".** Ang mga kinikilalang dahilan ay maaaring sakit (kung may medikal na sertipiko), o iba pang malubhang problema na dapat bigyang katuwiran.* |
| **Isang delegado ng Mayor ang** | *Ang nasasangkot na opisina sa Bayan ng ng Venice ay **"Inadempienza*** |

| | |
|---|---|
| **nagpapadala ng liham ng babala** sa pamilya para imbitahan ang mga magulang na muling ipasok ang kanilang anak sa paaralan sa loob ng isang linggo.<br><br>Nakasulat sa babala na muling ipasok ang bata sa paaralan sa loob ng isang linggo mula sa pagtanggap ng sulat, at makipag-ugnayan agad sa opisina.<br><br>Kung ang menor-de-edad ay babalik sa paaralan, tapos na ang prosesong ito.<br><br>Sakaling hindi babalik sa paaralan ang menor-de-edad nang walang makatuwirang dahilan, kung ang menor-de-edad ay hindi na tumutupad sa sapilitang edukasyon, obligado ang Mayor na mag-ulat sa Public Prosecutor's Office. | ***scolastica"*** *ng* ***"Servizio di Progettazione Educativa".***<br><br>*Sa liham ng babala, iniimbitahan ang mga magulang na muling ipasok ang kanilang anak sa paaralan sa loob ng isang linggo mula sa pagtanggap ng liham, at tumawag sa binanggit na opisina.*<br><br>*Kapag tumatawag ang mga magulang sa opisina, binibigyan sila ng appointment kung saan dapat silang sumipot at magpasa ng dokumentong nagbibigay ng katuwiran sa mga dahilan ng hindi pagpasok ng kanilang anak sa paaralan, tulad ng medikal na sertipiko.*<br><br>*Pinapatunayan ng Opisina kasama ng paaralan ang aktuwal na pagbabalik ng bata.*<br><br>*Kung ang menor-de-edad ay hindi muling papasok sa paaralan, at marami na kaniyang mga araw ng pagliban ("elusione"), bigyang katuwiran ng mga magulang ang mga dahilan ng pagliban.*<br><br>*Ang mga kinikilalang dahilan ay maaaring sakit (kung may medikal na sertipiko), o iba pang malubhang problema na dapat bigyang katuwiran sa pamamagitan ng paglalahad ng mga sertipikado at wastong dokumentasyon na susuriin ng Sector Manager.*<br>*Kung ang mga dahilan ng pagliban ay hindi itinuturing na may bisa, ang Opisina ay nag-uulat sa Public Prosecutor's Office.* |
| **Itinatag ng batas na ang hindi pagpapa-enrol at walang katuwiran na pagliban ng mga bata sa paaralan ay isang krimen ayon sa Code of Criminal Procedure:** | |
| **Ayon sa Artikulong 570-ter ng Code of Criminal Procedure/Hindi pagsunod sa sapilitang edukasyon ng mga menor-de-edad:** Kung ang taong responsable sa pagtupad sa sapilitang edukasyon, matapos babalaan ito, ay hindi nagpapatunay sa kaniyang paglalaan ng edukasyon sa menor-de-edad, o hindi niya binibigyang katuwiran sa pamamagitan ng kadahilanang | *Ang pag-uulat sa Korte tungkol sa hindi pagpapa-enrol ay nagsasangkot ng posibleng paghatol, at dahil dito ay maparusahan ng pagkabilanggo ng hanggang dalawang taon.*<br><br>*Ang pag-uulat para sa hindi pagpasok sa paaralan* ***("elusione"*)*** *ay may* |

pangkalusugan, o iba pang malulubhang problema, ang **hindi pagpapa-enrol** ng menor-de-edad sa isang paaralan ng pambansang sistema ng edukasyon, o hindi ipapasok ito dito sa loob ng isang linggo mula sa babala, **siya ay paparusahan ng pagkabilanggo ng hanggang dalawang taon**".

**Para sa mga walang katuwiran na pagliban** ng menor-de-edad na nagsisilbing paglilihis ng sapilitang edukasyon, nang walang makatuwiran na dahilan tulad ng kadahilanang pangkalusugan o iba pang malubhang hadlang, **siya ay paparusahan ng pagkabilanggo ng hanggang sa isang taon".**
"Ang public prosecutor ay dapat na ipaalam ito sa public prosecutor sa juvenile court nang walang pagkaantala"

*posibilidad na makulong ng hanggang isang taon.*

*Ang parusa na ito ay maaaring magsangkot para sa mga magulang ng isang serye ng mga negatibong epekto hinggil sa iba't ibang aspekto ng kanilang buhay sa Italya (halimbawa, ang pagharang ng "Assegno di inclusione" para sa pamilya).*

***"Elusione obbligo scolastico":** kapag maraming araw ng pagliban sa paaralan ang menor-de-edad,* at nakaipon siya ng ilang oras ng pagliban na mas malaki sa 1/4 ng kabuuang bilang ng mga araw na naka-iskedyul sa buong taon ng paaralan.